Pangalan: Rey Melan “Abdul Aziz” Carreon
Paksa ng Khutbah: “Like [Love] (Allah), Share (Islam) and Follow (the Sunnah of the Prophet)”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga minamahal na kapatid sa pananampalataya, nais kong simulan ang Khutbah na ito sa katagang LIKE , SHARE and FOLLOW. Ang mga salitang ito ang madalas nating marinig sa ating modernong panahon lalo na sa social media. Ito ang mga katagang sinasambit ng mga tinatawag nating “Influencers” upang sa gayon ay maging updated ka sa mga pangyayari sa vlog o buhay nila. Araw-araw natin silang pinapanood na tila ba’y habang nakasubaybay tayo sa kanila ay bahagi na rin tayo ng masaya at malungkot na yugto ng kanilang buhay. Napakasarap nilang panoorin lalo na kung paborito natin ang vlogger (influencer).

Pagdating sa ugali, pananamit at pananalita ay hinahangaan din natin sila. Wala tayong pinalalagpas sa mga serye ng buhay nila. Kapag pinapanood natin sila ay madalas nakakaramdam tayo ng saya, lungkot, galit at iba pang emosyon na depende sa tema ng vlog nila. Nakakalimutan din natin ang mga mabibigat na problema habang pinapanood sila; kailangang laging nakasubaybay. Dapat updated para hindi huli sa balita.

Ngunit nakalulungkot isipin mga kapatid, na sa bawat pag-like, pag-comment, pag-share at pag-follow natin sa kanila ay unti-unti din palang lumilipas ang oras natin sa mga bagay na walang kabuluhan. Hindi natin batid na ang social media ay parang isang magnanakaw!!! Magnanakaw ng Oras at Atensyon upang tayo'y ilayo kay Allah Subhanahu Wa Ta'Ala.

Mga kapatid, sa paglalakbay natin dito sa Mundo ay napakaraming distraksyon, napakaraming Fitnah para mawala sa isip natin ang tunay nating misyon. Nakalimutan natin na dapat paghandaan ang libingan at ang Pagbabangong-Muli tungo sa Paraiso. Nag-aaksaya tayo ng oras sa mga makamundong-bagay. At ang pinakamalala ay unti-unti na hindi natin namamalayan na nalulunod na pala tayo sa isang (malalim na) baha ng kasalanan.

Sinabi ni Imam Ibnul Qayyim (rahimahullah):

"إِنَّ إِضَاعَةَ الوَقْتِ أَشَدُّ مِنْ المَوْتِ، لِأَنَّ إِضَاعَةَ الوَقْتِ تَقْطَعُ عَنِ اللهِ وَالدَّارِ الآخِرَةِ، وَالمَوْتُ يَقْطَعُ عَنِ الدُّنْيَا وَأَهْلِهَا."

"Tunay na ang pag-aaksaya ng oras ay mas malubha kaysa sa kamatayan, sapagkat ang pag-aaksaya ng oras ay pinuputol nito ang iyong ugnayan kay Allah at ang iyong tahanan sa kabilang-buhay, samantalang ang kamatayan ay pinuputol nito ang iyong ugnayan sa Mundo at sa mga nananahanan dito."

Napakaiksi lamang ng buhay natin at si Allah lamang ang nakakaalam kung kailan niya tayo kukunin. Kaya dapat ay lagi tayong handa sa pagbabalik sa Kanya. Sa buhay natin dito sa Dunya, ano nga ba ang dapat nating "MAS" bigyan ng atensyon? Ano ang mga bagay na "TUNAY" na dapat natin Mahalin (Like)? Ano ba ang dapat na "TUNAY" na ipapamahagi (Share)? At Sino ba ang "TUNAY" na dapat nating sundin (Follow)?

**Una**, "LIKE"

Sinabi ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"مَنْ أَحَبَّ للَّهِ وَأَبْغَضَ للَّهِ، وَأَعْطَى للَّهِ وَمَنَعَ للَّهِ فَقَدِ اسْتَكْمَلَ الإِيمَانَ." أخرجه أبو داود والطبراني

*“At kung sinuman ang nagmahal para kay Allah at nagalit para sa Kanya, nagbigay para sa Kanya, at nagpigil para sa Kanya, tunay na nakumpleto niya ang pananampalataya.”* (Inulat nina Ahmad at At-Tabarani)

Ang pagmamahal kay Allah ang siyang basihan at ugat ng lahat ng pagmamahal. Tunay na Siya si Allah, Ang Nag-iisa na marapat lamang sambahin at mahalin, at ang pagmamahal sa ibang bagay ay bahagi lamang ng pagmamahal sa Kanya at kabilang sa mga sanga nito.

**Pangalawa**, “SHARE”

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ ادْعُ إِلَىٰ سَبِيلِ رَبِّكَ بِالْحِكْمَةِ وَالْمَوْعِظَةِ الْحَسَنَةِ ﴾ النحل: 125

***“Mag-anyaya ka sa daan ng iyong Panginoon nang may karunungan at magandang pangangaral.”*** (An-Nahl: 125)

Ipamahagi natin ang Islam katulad ng pagbibigay ng Da’wah sa mga tao o pagpapakita sa kanila ng mabuting asal ng isang mananampalatayang Muslim, sapagkat tayo ang sumasalamin sa pananampalatayang Islam.

**Pangatlo**, “FOLLOW”

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ قُلْ إِن كُنتُمْ تُحِبُّونَ ٱللَّهَ فَٱتَّبِعُونِى يُحْبِبْكُمُ ٱللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴾
آل عمران: 31

***“Sabihin mo sa kanila (O Muhammad)! Kung tunay ngang kayo ay nagmamahal kay Allah, magkagayon ako ay inyong sundin, at kayo ay mamahalin ni Allah at Kanyang patatawarin ang inyong mga kasalanan. At si Allah ay lubos na Mapagpatawad at Maawain.”*** (Alo ‘Imran: 31)

Marapat lamang na sundin natin ang mga Kapahayagan, gawa o Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) upang tanggapin tayo ng buo ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala.

Like, Share and Follow. Mahalin natin si Allah. Ipamahagi ang Islam sa pamamagitan ng Da’wah at sundin ang Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Tatlong pamamaraan upang maging isang ganap na mananampalatayang Muslim.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalataya, tayo ngayon ay humaharap sa panahon na puno na ng distraksyon ng Mundo na dulot ng mabilis na pag-usbong ng teknolohiya. Huwag natin hayaang NAKAWIN nito ang ating mga Oras at Atensyon upang sa gayon ay hindi tayo mahulog sa isang mapanganib na pagkaligaw. Iwasan natin ang mga bagay na makapaglalayo sa atin sa ‘Ibadah.

Mas marapat na ituon natin ang mga sarili sa mga makabuluhang bagay. Ang pagmamahal natin kay Allah, pagbibigay ng Da’wah sa mga tao at pagsunod sa Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay mga pamamaraan natin sa buhay upang maisakatuparan natin ang tunay nating misyon at makamit natin ang kaligayahan at tagumpay sa Mundo at sa kabilang-buhay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.
اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***